



Sunnyvale

Paano Gagawing Matagumpay ang Programa na Pagkolekta ng mga Tirang Pagkain Gabay sa Pagsasanay ng Empleyado

Maaring parang nakakatakot na magsaayos ng isang programa ng pagpapabuti sa mga tirang pagkain, ngunit sa pamamagitan ng kaunting pagsasanay, ang iyong tauhan ay sasamahan ka agad! Gamitin ang mga nakakatulong na tips at mga punto ng pag-uusap ng gabay sa pagsasanay na ito upang maging mabilis at madali ang pag-aaral.

Paano isaayos ang pagsasanay para sa tauhan?

- **Isama ang lahat ng tauhan** na mayroong tirang pagkain
- **Magsanay sa lokasyon** - Gumamit ng mga halimbawa ng mga materyales na madalas na ginagamit ng mga tauhan, ang mga basurahan na kanilang ginagamit at kung saan ito nakalagay, at mga poster na nagpapakita ng mga tinatanggap na materyals.
- **Kilalanin ang makakalikasang mangunguna** sa bawat shift na kayang sumagot ng mga katanungan at mangasiwa ng mga panibagong oryentasyon sa mga tauhan. Himukin ang mga tauhan na magbahagi ng mga ideya upang mapaunlad ang sistema matapos na ipatupad.
- **Paunlarin ang pag-recycle** - Habang nagsasanay, muling bisitahin at muling sanayin ang mga tauhan sa mga pinakamabuting kasanayan sa pag-recycle ng ibang mga materyales tulad ng mga container at mga produktong papel. Ipaalala sa mga tauhan na panatilihin nakahiwalay ang mga materyales na iyan sa mga basurahan ng koleksyon ng mga tirang pagkain.



Bakit kailangan nating gawin ang programang ito, ano ang mga benepisyo?

- **Ito ay mapupunta sa mas mataas at mas maayos na paggamit** - Ang mga tirang pagkain mula sa ating programa ay magiging pataba sa lupa, sangkap sa pagkain ng mga hayop o gagamiting muli para sa malinis na enerhiya.
- **Iyan ang batas**- AB 1826, ang Mandatory Commercial Organic Recycling, ay kinakailangan ito. para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa batas na ito tingnan ang [CalRecycle](#) web page.

Mabilisang mga Tip

- **Gawin itong kumbinyente** – Iilagay ang mga basurahan sa mga kumbinyenteng lugar para sa paggamit ng mga tauhan.
- **Gumamit ng may kulay na mga basurahan** - Lagyan ng code ng kulay ang mga basurahan:
 - **Berde = Food Scraps**
 - **Asul = Pang-recycle**
 - **Itim o Abo = Basura**
- **Maglaan ng maayos na karatula**— Maglagay ng malinaw na karatula sa ibabaw o sa mga gilid ng kada basurahan
 - Pumunta sa <https://sswr.com/food-scraps-collection/> upang madownload ang karatula
- **Huwag paapawin ang mga lalagyan** - Inirerekomenda namin na gumamit ng maliliit na mga basurahan at mga bag. Mabigat ang mga tirang pagkain!

- **Panatilihin itong malinis** - Gumamit ng **malinaw** na mga bag para sa **lahat** ng mga basurahan para madali itong makita at alisin ang mga kontaminado.
- **Itali ito**- Magbuhol ng tali upang saraduhan ang bawat bag - walang mahulog na pagkain sa mga container.
- **Panalihing sarado ang mga takip** – Sarhan ang mga takip ng mga basurahang nasa labas upang maiwasan ang kalat at ang pangangamoy.

Ano ang maaaring mapunta sa mga basurahan ng tirang pagkain?

Oo:

- Lahat ng maliit na pagkain at tira sa plato kasama na ang karne at mga shellfish, itlog at gatas, prutas, gulay at mga mula sa panaderya
- Mga filter ng kape at bag ng tsaa
- Mga pits, peels, at kabibe
- Mga sira at panis na pagkain

Hindi Salamat

- Mga likido (sobrang sabaw, ang mga puro ay maaaring mapunta sa basurahan ng pagkain)
- Langis/mantika (ang kaunti ay maaaring tanggapin, ang madami ay kailangang kolektahin ng waste-oil collection service)
- Salamin, metal, plastic o iba pang maaaring i-recycle
- Basura, plastic gloves, foil wrappers, plastic straws, plastic stir-sticks, produce twist-ties, produce stickers, o iba pang maliit na marumi
- Produktong papel tulad ng mga napkin, mga plato, mga tasa at mangkok (mga hindi na napapanis)

Paano kung ang basurahan ng tirang pagkain ay mahaluan ng hindi pagkaing mga materyales?

- **Unang pagkakataon** - Isang babala ang ibibigay matapos ang unang pangyayari ng nakitang paghahalo.
- **Pangalawang pagkakataon** - Ang nagmamaneho ay tatanggap alisin ang laman ng basurahan hanggat ang mga naihalo ay hindi natatanggal at ikaw ay magbabayad ng barayin ng byahe pabalik upang ito ay matanggalan ng laman.

Kailangan ng Tulong?

Tawagin ang Utilities Customer Service sa (408) 730-7400 upang matulungan sa:

- Katanungan sa bayarin
- Nalampasang pagkuha
- Araw ng koleksyon at ilang beses
- Karagdagang mga container
- Nakalandscape na materyal o basurang kahoy (nangangailangan ng ibang lalagyan)

Tawagan ang City of Sunnyvale Recycling Program para sa tulong:

Mary Lindemuth sa (408) 730-7484 o **Christina Raby** sa (408) 730-7742

- Libreng kagamitan at mapagkukunan
- Pangkalahatang pagresolba ng problema